
# Ang Tinapay Ng Buhay



**Lingguhang Pagkain**

Issue 2



**“Ang bundok ng Sinai ay nababalot ng usok sapagkat bumaba si Yahweh sa anyo ng apoy. Pumailanlang ang usok, tulad ng usok ng isang pugon, at ang mga tao’y pinagharian ng takot. Palakas nang palakas ang tunog ng tambuli. Nasalita si Moises at sinagot siya ng Diyos sa pamamagitan ng kulog.”**

**Exodo 19:18-19**

## BANAYAD NA BULONG… TINIG NG DIYOS

**Pumasok siya sa isang yungib at doon nagpalipas ng gabi. Walang anu-ano’y nagsalita sa kanya si Yahweh: “Bakit ka narito, Elias?” Sumagot si Elias:“ Dahil po sa aking pagmamalasakit para sa inyo, Yahweh, Diyos ng mga hukbo. Tinalikdan po ng bayan Mo ang inyong tipan, winasak nila ang inyong mga dambana, at pinatay ang inyong mga propeta. Ako na po lamang ang natitira, at pinaghahanap nila ako upang patayin din.” Ganito ang sagot sa kanya: “Lumabas ka at tumayo sa ibabaw ng bundok sa harapan Ko.” Pagkasabi nito’y dumaan si Yahweh at umihip ang napakalakas na hangin. Sumabog ang bundok at nagkadurug-durog ang mga bato sa lakas ng hangin ngunit wala sa hangin si Yahweh. Nang tumigil ang hangin ay lumindol, ngunit wala sa lindol si Yahweh. Pagkalipas ng lindol ay kumidlat, ngunit wala rin sa kidlat si Yahweh. Pagkalipas ng kidlat, narinig niya ang isang banayad na tinig. Lumabas si Elias, tinakpan ng balabal ang kanyang mukha at naghintay sa bunganga ng yungib. Narinig niya ang isang tinig na nagsabi: “Elias, bakit ka naririto?” (1 Hari 19:9-13)**

Alam natin na ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos. Sa ganitong pananaw kung tayo’y magsimulang makipag-usap sa Diyos, kailangan nating ikumpisal ang lahat ng ating kasalanan, bigkasin ang ating papuri at pasasalamat, at ialay sa Kanya ang lahat ng ating suliranin at mabigat na dalahin. Ngayon, ating talakayin ang panalangin bilang pakipag-talastasan sa Panginoong Diyos.

Ang talastasan ay kinasasangkutan ng dalawa o higit pang pangkat ng tao. Ang panalangin ay pakikipag-usap at pakiki-pagtalastasan sa Diyos; ang unang pangkat ay ikaw na nananalangin, at ang ikalawang pangkat ay ang Diyos. Sa inyong usapan maaari mong sabihin ang iyong kahilingan, maaari kang magsumamo at ipahayag ang iyong dahilan at mga paraan. Ngunit, kailangan mo ring makinig sa Diyos at bigyan Siya ng pagkakataong mangusap sa iyo. “Nangungusap ba ang Diyos?” Oo, at ito ay isang katutuhanan na dapat nating malaman.

Sa higit na apatnapung kalalakihan na sumulat ng Banal na Kasulatan o ang Bibliya at sa iba pang mga tinawag ng Diyos, Siya ay nangusap at nakipagtalastasan sa kanila. Ang Diyos ay Espiritu o hindi nakikita ngunit inihayag Niya ang Kanyang sarili sa tao sa pamamagitan ng pangitain, panaginip, o pagpapakita sa iba-ibang anyo. Ang salitang “Theophany” na buhat sa salitang Griyego ay nagbabanggit sa pagpapakita ng Diyos sa tao sa anyo ng anghel, o minsan ay tulad ng apoy, hangin, ulap na kadalasang nakatala sa Lumang Tipan. Sa Bagong Tipan ng Bibliya, ang “Theophany” ay naging “Christophany” nang ipinakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa kaanyuan ng tao sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ipinanganak, nabuhay at nanahang kasama ng mga tao at pagkatapos namatay ay nabuhay na mag-uli.

Ang pakikipagtagpo sa Diyos ay nagaganap sa isang iglap, minuto, oras, araw, o minsan ay bumibilang ng taon. Unang nakaharap ni Moises ang Diyos sa isang nagliliyab na sanga sa loob ng ilang mnuto. Sinundan ng apatnapung araw sa Bundok ng Sinai, nang ipagkaloob sa kanya ang Sampung Utos at iba pang mga utos para sa pamamalakad ng buhay ng mga taong pinili ng Diyos. Hindi lamang si Moises kundi marami pang tauhan sa Bibliya ang nakatagpo, nakaharap at nakipag-usap sa Diyos. At ang Diyos ay walang pagbabago at walang hanggan. **"Ako si Yahweh at hindi ako nagbabago." (Malakias 3:6a)** Ang Diyos ay nangusap noon at nangungusap pa rin ngayon**. "Alalahanin ninyo ang nangasiwa sa inyo, na nagpahayag sa inyo ng salita ng Diyos. Isipin nga ninyo kung paano sila namuhay at namatay, at tularan ninyo ang kanilang pananalig sa Diyos. Si Jesu-Cristo noong nakaraan ay Siya rin sa kasalukuyan at Siya rin magpakailanman." (Hebreo 13:7-8)** Ang Diyos ay nakinig noon sa Kanyang mga tao at nakikinig pa rin Siya ngayon sa atin. Ang Diyos ay hindi bingi o pipi. Naririnig Niya tayo at nangungusap Siya sa atin. Ngunit papaano makapagsasalita sa atin ang Diyos? Ang mga sumusunod ay ilang pamamaraan upang mahikayat kayong maging sabik at makatutuhanan sa pakikipagtagpo, pakikipag-usap at maki-pagtalastasan o talakayan sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.

1. **<u>Mag-ayuno bago makipagtagpo sa Diyos:</u>** Ang pangunahing layunin ng pag-aayuno ay upang linisin hindi lamang ang ating pisikal na katawan kundi pati na rin ang ating kaisipan, damdamin, at mapakumbabang dumulog sa Diyos sa panalangin. Bago nakaharap ni Elias ang Diyos, siya ay naglakbay ng apatnapung araw at gabi ng walang pagkain at tubig. Siya ay ehemplo ng isang taong matapat na maglingkod sa Diyos. Gayun din, ang Diyos ay nangungusap sa mga taong banal, madalangin o mapagdasal. Ang ilang sandali ay hindi sapat na panahon upang gugulin para sa Diyos. Kailangan nating dagdagan ang oras na gugulin sa pagdadasal at pag-aalay ng ating sarili, at bigyan ng pagkakataon ang Diyos na magsalita sa atin; ialay ang pandinig at puso sa pagsunod sa Kanyang kaloobang nakasaad sa Bibliya.

2. **<u>Katagpuin ang Diyos sa kabundukan:</u>** Si Moises at Elias ay nakipagtagpo sa Diyos sa kabundukan, hindi dahil ito'y mataas na lugar kundi dahil ito ang lugar na nakahiwalay sa mundo. Hindi natin maririnig ang tinig ng Diyos kung tayo'y nababalot ng kamunduhan. Hindi natin maririnig ang tinig ng Diyos kung tayo'y abala sa pagbabasa ng diyaryo, pakikinig sa makamundong awitin, panunuod ng pelikula, o tumutungo sa mga bahay aliwan, at makamundong pagdiriwang. Ang ganitong gawain ay hindi magdadala sa atin sa kabundukan kundi magdadala sa atin sa libis ng kapariwaraan. Kung ibig nating marinig ang tinig ng Diyos panhikin natin ang Kanyang bundok at doon tayo maghintay sa pag-uusap Niya sa atin. **"Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y namamanhik sa inyo: ialay ninyo ang inyong sarili bilang handog na buhay, banal at kalugud-lugod sa kanya. Ito ang karapat-dapat na pagsamba sa Diyos. Huwag kayong umayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba na kayo at magbago ng isip upang mabatid ninyo ang kalooban ng Diyos- kung ano ang mabuti, nakalulugod sa Kanya at talagang ganap. (Roma 12:1-2)**

3. **<u>Katagpuin ang Diyos upang makinig sa Kanya:</u>** Ang Diyos ay makikipagtalakay sa atin kung tayo ay handang makinig. Hindi Siya tulad sa tunog ng isang dagundong kundi isang banayad na bulong. Sa piniling sipi sa Bibliya ang Diyos ay wala sa hangin na nagwasak sa bundok. Ang Diyos ay wala rin sa lindol o sa apoy, ngunit nakilala ni Elias ang banayad na bulong ng Diyos dahil siya'y naghihintay. Ito'y mahalaga: hindi natin dapat asahan ang pisikal na pagpapakilala ng Diyos kung Siya'y magsasalita. Sa katotohanan, Siya'y pabulong kung magsalita kaya't dapat tayong maging masikhay sa paghahanap ng tahimik na lugar at oras upang makasama Siya. **"Pinapapasok Siya ng bantay-pinto, at pinakikinggan ng mga tupa ang Kanyang tinig. Tinatawag Niya ang kanyang mga tupa sa kani-kanilang pangalan, at inilalabas sa kulungan." (Juan 10: 3)**

4. **<u>Katagpuin ang Diyos bilang isang kaibigan:</u>** Ang Diyos ay Panginoon at tayo ang Kanyang alipin. Ngunit dahil kay Jesus, tayo'y naging kanyang kaibigan. **"Hindi ko na kayo inaaring alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, inaari ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng naririnig Ko sa Aking Ama." (Juan 15: 15)** Sa pamamagitan ni Jesus tayo'y naging mga anak ng Diyos kaya't ang tawag natin sa Kanya ay Ama. **"Dahil sa inyong pananalig kay Kristo Jesus, kayong lahat ay anak ng Diyos." (Galatias 3: 26)** Kung tayo'y nananalig kay Jesu-Cristo, tayo'y mga anak at kaibigan ng Diyos. Maaari na tayong dumulog at makipag-usap sa Diyos, makinig sa kanyang mga turo at magtanong nang mga bagay na hindi natin nauunawaan sa buhay. Ang Diyos ay mapagpatawad ng higit pa sa ating inaasahan. Palagi Siyang tapat at totoo sa Kanyang Salita.

Tulad ng Kanyang pakikipag-usap sa mga propeta, mga hari, apostoles, at mga disipulo, ang Panginoong Diyos ay mangungusap din sa atin kung tayo ay handang makinig at sumunod sa Kanyang sasabihin. Ang Diyos ay magsasalita sa pamamagitan ng Kanyang mga salita sa Bibliya at sa pamamagitan ng Kanyang mga tinawag na tao. Maaari Siyang mangusap sa pamamagitan ng maliit at banayad na tinig sa ating sariling espiritu kaya't kailangan natin ang maglaan ng sapat na panahon sa pagbabasa ng Bibliya araw-araw. Paglaon, ito'y magmimistulang kasunduan natin sa Diyos na sa tuwing basahin natin ang Bibliya ay maririnig natin ang Kanyang tinig na nakikipag-usap sa atin.

***Mga Minamahal:*** Ipinahahayag ko sa inyo na ang mga naganap noong unang kapanahunan ay nagaganap pa rin sa ngayon. Dahil ang Diyos ay Walang Hanggan at ang Kanyang Salita ay buhay! Amen.